

Impormasyon sa pagpaparehistro para sa mga taong may kapansanan

Agosto 2023



Maaaring mahirap para sa mga taong gumagamit ng mga serbisyong pangkapansanan na makatiyak sa mga kasanayan at kadalubhasaan ng mga disability worker (manggagawang pangkapansanan). Hindi lahat ng mga disability worker ay tinasa para sa kaligtasan at kakayahan sa magkakaparehong paraan.

Ang pagpaparehistro ng mga disability worker ay naglalayong pahasayin ang mga pag-iingat sa buong komunidad ng may kapansanan sa pamamagitan ng pagpapabuti sa kalidad at kaligtasan ng mga serbisyong pangkapansanan.

Bakit ako dapat pumili ng isang rehistradong disability worker?

Mahalaga na ang mga taong may kapansanan ay makadama ng kaligtasan at kakayahan kapag gumagamit ng mga serbisyong pangkapansanan. May malaking pagtitiwala ang namamagitan sa isang manggagawa at sa taong may kapansanan, kaya ang pagkakaalam kaagad na ang manggagawa ay natasa nang maayos ay nagbibigay ng malaking kumpiyansa.

Ang mga taong may kapansanan ay may karapatang pumili ng isang disability worker na independiyenteng natasa bilang ligtas at may kakayahang disability worker.

Ang mga rehistradong disability worker ay tinasa sa kanilang pinagmulan, mga kwalipikasyon, karanasan at kasanayan bago mairehistro.

Ibig sabihin, ang mga taong may kapansanan na pumipili ng rehistradong disability worker ay maaaring magtiwala na sila ay gumagawa ng ligtas na pagpili.

Ang pagpili ng isang rehistradong disability worker ay makakatulong upang mas mahusay mong ma-access ang mga serbisyong ligtas at mataas ang kalidad, dahil alam mo na ang manggagawa ay nasuri at mananagot. Paano man sila pinondohan o nagtatrabaho, ang mga rehistradong disability worker sa Victoria ay independiyenteng tinatasa bilang ligtas, may kasanayan, at propesyonal ng regulator, ang Disability Worker Registration Board ng Victoria.

Kapag pumipili ng angkop na manggagawa, madaling tingnan kung sila ay nakarehistro sa pamamagitan ng online na rehistro ng disability worker sa www.vdwc.vic.gov.au.

Ano ang kailangan ng mga manggagawa para magparehistro?

May tatlong pamantayan sa pagpaparehistro na dapat matugunan ng mga aplikante upang makapagparehistro at patuloy na matugunan kung nais nilang mapanatili ang kanilang pagkarehistro. Ang mga ito ay ang:

1. Kakayahan sa Ingles

Upang mairehistro, ang mga disability worker ay dapat may kakayahang magsalita o makipag-usap sa Ingles.

2. Kasaysayang kriminal

Tatanungin ang mga aplikante kung sila ay umamin o napatunayang nagkasala, nakasuhan o nahatulan ng anumang (mga) pagkakasala sa Victoria o sa ibang lugar. Ang pagsusuri sa kasaysayang kriminal ay gagawin sa panahon ng pagtasa sa aplikasyon.

3. Patuloy na propesyonal na pag-unlad

Ang lahat ng mga rehistradong manggagawa ay dapat magkumpleto ng 10 oras ng patuloy na propesyonal na pag-unlad sa taon ng pagpaparehistro at magbigay ng mga detalye ng mga oras na ito kapag sila ay nag-apply upang mag-renew ng kanilang rehistrasyon.



Hanapin ang tsek ng tiwala para sa nakarehistrong disability worker

Tumulong sa pagbuo ng isang mas ligtas, mas matatag, na sektor ng kapansanan

Makakapili ba ako ng rehistradong disability worker?

Maaari mong piliin na mga rehistradong manggagawa ang magbibigay ng mga serbisyong pangkapansanan.

Nangangahulugan ito na maaari mong piliin ang tamang disability worker para sa iyo, na alam mong mayroon siyang kinakailangang kaalaman, kasanayan at katangian para sa ligtas na pagganap sa trabaho.

Maaari ba akong pumili ng rehistradong disability worker kung mayroon akong NDIS na plano?

Oo, ang mga rehistradong manggagawa ay maaaring magtrabaho sa lahat ng uri ng mga organisasyon, kabilang ang mga tagapagbigay ng serbisyong NDIS, o maaaring sila ay self-employed (nagtatrabaho para sa sarili).

Tinitiyak ng rehistrasyon na ang mga disability worker sa Victoria ay tinatasa bilang ligtas, may kasanayan, at propesyonal, kahit anupamang service provider ang pinagtatrabahuhan ng iyong disability worker, kung saan sila nag-aanunsyo ng kanilang mga serbisyo o kung paano pinopondohan ang kanilang mga serbisyo.

Nangangahulugan ito na maaari kang pumili ng rehistradong disability worker sa pamamagitan ng iyong NDIS na plano.

Maaari ba akong pumili ng hindi rehistradong disability worker?

Maaari kang magpasyang pumili ng isang manggagawang hindi nakarehistro. Ang mga hindi rehistradong manggagawa sa Victoria ay kinakailangang sumunod sa Code of Conduct (Koda ng Pag-aasal). Pinapangasiwaan ng Victorian Disability Worker Commissioner ang mga hindi rehistradong disability worker.

Lahat ng mga disability worker sa Victoria ay dapat sumunod sa Disability Service Safeguards Code of Conduct at ito ay nagbibigay ng pamantayan upang protektahan ang mga taong may kapansanan laban sa pinsala at pang-aabuso.

Pinapagtibay ng Code ang kaparehong mga kahingian gaya ng sa Code of Conduct ng NDIS. Ibig sabihin, ang kaparehong mga kahingian ay ginagamit sa lahat ng mga disability worker, pinondohan man sila sa pamamagitan ng NDIS o iba pang mga provider.

Ang rehistro ng disability worker

Ang lahat ng nakarehistrong disability worker ay nakalista sa pampublikong rehistro ng mga disability worker sa Victoria na makukuha sa www.vdwc.vic.gov.au. Maaari kang mag-search sa rehistro upang makahanap ng mga rehistradong disability worker na malapit sa iyo.

Sa website ay makakahanap ka rin ng listahan ng mga disability worker sa Victoria na binigyan ng prohibition order (utos ng pagbabawal) laban sa kanila.

Tungkol sa Victorian Disability Worker Commission

Ang Victorian Disability Worker Commission ay isang independiyenteng lupon na itinatag upang maprotektahan nang mas mahusay ang mga taong may kapansanan at makabuo ng mas matatag, mas ligtas na sektor ng kapansanan. Ito ay responsable para sa Disability Service Safeguards Code of Conduct, na nagtatatag ng minimum na dapat asahan para sa lahat ng manggagawa sa Victoria na sumusuporta sa mga taong may kapansanan, at ang serbisyo sa mga reklamo. Maaari itong tumanggap ng mga reklamo at abiso, na may kapangyarihang mag-imbetiga at magbawal sa mga manggagawa na naglalagay sa panganib ng kaligtasan ng mga tao.

Bisitahin ang aming website sa vdwc.vic.gov.au o tumawag sa **1800 497 132**
Mag-sign up sa aming **newsletter**

Sundan kami



Bisitahin ang vdwc.vic.gov.au
Tumawag sa 1800 497 132

